www.kidsworship.kr

7th Story

# Ang Diyos ay nagliligtas kahit mula sa bilangguan!



**Narration** Nakipagsanib-puwersa si Haring Herodes sa mga pinunong Judio na nap-opoot sa simbahan at inutusan silang arestuhin si Apostol Pedro.

**King Herod** Hoyyy!! huliin ninyo ang lapastangang iyan na nagngangalang Pe-dro------ Ahahahaha!!! nakakatuwa namang.. tignan na inaaresto ang lalaking iyann···


**Narration** Ayon sa utos ng hari, dinakip ng mga Judio si Pedro at ikinulong, at sinabi sa mga guwardiya na bantayan siyang mabuti.



**Jew** Ang lalaking iyon na nagngangalang Pedro ay papatayin sa loob ng ilang araw, kaya dapat niyo siyang bantayang mabuti hanggang sa araw na iyon. Magbantay kayong mabuti, siguraduhin ninyo na kahit langgam ay hindi makakalabas diyan. Naiiintindihan ninyo?

**Guards** Opo, naiintindihan po!

**Narration** Noong nakulong si Pedro, ang mga miyembro ng simbahan ay taimtim na nananalangin para sa kanya araw-araw.



**Church members** O Diyos tulungan mo po kami. / O Diyos, palayain mo po si Pedro. / O Diyos~ Tulungan mo po kami~~

**Peter** (naghihilik)

**Guard 1** Hindi ba nag-aalala 'yang taong iyan na mamatay siya bukas? Aba, ay ang sarap pa ng tulog ah.



**Guard 2** Pero yang preso na yan, parang mabait talaga siya, pero paano siya na-punta sa bilangguan? huh?

**Guard 1** Hoy lalaki, itigil mo na ang pag-iisip ng mga walang kwentang bagay! May dahilan malamang kung bakit siya napunta dito~ Ang kailangan nating gawin ay bantayan 'yan ng mabuti, okay? Pero, wala ka bang nakatagong biskwit man lang diyan?

**Guard 2** Kung meron man, kinain ko na lahat, sa palagay mo ba magtitira pa ako?

**Narration** Noong gabing iyon, nagpakita kay Pedro ang isang anghel habang siya ay natutulog.



**Angel** Pedro! Gumising ka~ Bilisan mo~ Kailangan mong magmadali! Wala ng oras.

**Peter** Ah ah.. ano.. ano.. anong nangyayari? po?


**Angel** Ngayon na bilis, natanggal na ang mga kadena... O, totoo ito. Lalabas ka na, magbihis ka at magsuot din ng sapatos. Sundan mo ako~

**Peter** Eh? Panaginip ba ito o totoo? Nasaan tayo? Sino ako? Ano bang 'tong nangyayari ngayon??




**Angel** Binuksan ko na ang lahat ng bakal na pinto, alam mo na ang daan mula dito, di ba? Mag-iingat ka.. sige na, paalam~

**Peter** uh? uh? Ano? Nakalabas na ako sa bilangguan, tama ba?? Ah, nagpadala si Hesus ng anghel para iligtas ako. Niligtas mo ang buhay ko... Akala ko panag-inip lang, pero wow... Hay naku. Malamang nag-aalala na ang lahat sa akin kaya kailangan kong puntahan agad sila. (tunog ng pinto: Bang bang bang!!) Tao po! May tao ba? (tunog ng pinto: Bang bang bang!!)



**Rhoda (Girl)** O sino kaya ang nasa labas? Sino po sila?

**Peter** Rhoda.. Ako ito.. Ako, si Apostol Pedro~



**Rhoda (Girl)** uh!! Ang boses na ito... Apostol Pedro? Si Apostol Pedro ay dumating~~ Si Apostol Pedro ay buhay~~

**Peter** Uy, Rhoda... Kailangan buksan mo muna ang pinto, saan ka na nagpunta?

**Person 1** Ikaw, maysakit ka yata? Paano makakapunta dito si Apostol Pedro sa gan-itong dis-oras ng gabi?

**Rhoda (Girl)** To-too nga, nasa pintuan nga siya talaga? Tiyak na boses iyon ni Apostol Pedro!



**Person 2** Ayos ka lang ba? Inaantok ka pa ata? Ano bang kalokohan iyan!!! matulog ka na lang···

**Person 1** Hindi, hindi natin alam... Maaaring dumating na ang anghel ni Apostol Pe-dro. Kaya nga, lumabas na tayo at tingnan ito.

**Peter** Haha, chajan~ andito na ako~



**People** Apostol Pedro! / Ikaw nga ba yan Apostol Pedro? / Pedro??

**Peter** Ako nga ito~

**People** Si Apostol Pedro ay nagbalik~~~~ / Hallelujah!!! / Oh, dininig ng Diyos ang ating mga panalangin! Wow~ / Oh.. Apostol Pedro, paano ka naka-punta dito?

**Narration** Sinabi ni Apostol Pedro kung paano siya inilabas ng Diyos mula sa bilang-guan habang detalyado at masayang ibinahagi ang kamangha-manghang kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos. Nang gabing iyon, nagpasalamat sa Diyos ang lahat at sama-samang nanalangin at nagkaroon sila ng tunay na nakakatuwa at masayang gabi.

**People** Hahaha Ang saya ko! / Hahahahaha / Talagang napakasaya ko~ / Haha-hahaha / Ang saya-saya ko talaga!